

MAYROON KANG KARAPATAN SA MAAASAHANG ISKEDYUL NG TRABAHO


Sa ilalim ng Fair Workweek Law (Batas sa Pantay na Linggo ng Trabaho) ng NYC, ang mga employer ng fast food ay dapat magbigay sa kanilang mga manggagawa ng maaasahang mga ikedyul sa trabaho. Dapat ipaskil ng mga employer ang abisong ito kung saan ito ay madaling makita ng mga empleyado sa bawat lugar ng trabaho sa NYC.*

Saklaw ng Batas ang mga Manggagawa sa Fast Food

Ang mga empleyadong nagsasagawa ng hindi bababa sa isa sa mga sumusunod na tungkulin sa isang establisyemento ng fast food sa NYC:

- serbisyong pang-kostumer
- pagluluto
- paghahanda ng pagkain o inumin
- paghahatid sa labas ng establisyemento
- seguridad
- pag-iimbak ng mga panustos o kagamitan
- paglilinis
- mga tungkulin sa karaniwang pagpapanatili

Ang batas ay naaangkop anuman ang katayuan sa imigrasyon.



Hindi maaaring magparusa, magmulta, gumanti, o gumawa ng aksyon ang mga employer laban sa mga empleyado na maaaring pumigil o humadlang sa kanila sa paggamit ng kanilang mga karapatan sa ilalim ng batas. Ang mga manggagawa ay dapat agarang makipag-ugnayan sa OLPS tungkol sa pagganti. Tingnan sa ibaba.

Iyong mga Karapatan



Tinatayang Iskedyul at Unang Iskedyul ng Trabaho

Sa o bago ang iyong unang araw ng trabaho, ang iyong employer ay dapat magbigay sa iyo ng:

- *Nakasulat na mga iskedyul para sa unang 2 linggo ng trabaho* na may mga oras, petsa, oras ng simula at pagtatapos, at mga lokasyon ng mga turnuhan.
- *Nakasulat na "Pagtatantyang Walang Masamang Hangarin"* (mga araw, beses, oras, lokasyon na maaari mong asahang magtrabaho sa panahon ng iyong pagtatrabaho). Dapat magbigay ang iyong employer ng binagong Pagtatantya kung ang Pagtatantya ang magbabago.



2 Linggong Paunang Abiso sa Iskedyul ng Trabaho

Ang iyong employer ay dapat magbigay sa iyo ng *nakasulat na iskedyul ng trabaho nang hindi bababa sa 14 araw bago ang iyong unang turnuhan sa iskedyul*. Dapat kasama sa mga iskedyul ang hindi bababa sa 7 araw ng kalendaryo na may mga petsa, oras ng simula at pagtatapos ng turnuhan, at (mga) lokasyon ng lahat ng mga turnuhan. Kung magbago ang iskedyul, dapat makipag-ugnayan ang iyong employer sa lahat ng apektadong mga manggagawa sa loob ng 24 oras, o sa lalong madaling panahon.



Prayoridad na Magtrabaho ng Bukas na mga Turnuhan

Bago kumuha ng bagong empleyado kapag mayroong bagong mga turnuhan na ilalabas, ang iyong employer ay dapat:

- *Mag-anunsiyo muna ng mga turnuhan sa mga kasalukuyang manggagawa sa NYC* sa pamamagitan ng pagpapadala ng impormasyon sa iyong lugar ng trabaho at direktang pagbibigay ng impormasyon nang eletroniko sa iyo, na maaaring kasama ang text o email.
- *Magbigay ng prayoridad na magtrabaho sa bukas na mga turnuhan sa mga manggagawa sa lugar ng trabaho kung saan nagkaroon ng mga turnuhan.*
- *Ibigay lamang ang mga turnuhan sa mga interesadong manggagawa mula sa ibang lugar ng trabaho kapag wala o hindi sapat na mga manggagawa mula sa lugar ng trabaho ang tumanggap.*

Ang iyong employer ay maaari lamang kumuha ng mga bagong manggagawa kung walang kasalukuyang mga manggagawa sa NYC ang tumanggap ng mga turnuhan sa nakasulat na deadline.



Pahintulot at \$100 para sa mga "Clopening" na mga Turnuhan

Hindi maaaring iskedyul ka ng iyong employer na magtrabaho sa 2 turnuhan sa 2 araw kung ang unang shift ay magtatapos sa isang araw at walang 11 oras sa pagitan ng mga turnuhan (isang "clopening") **MALIBAN** kung nagpahintulot ka sa pamamagitan ng isang sulat AT ikaw ay babayaran ng \$100 na karagdagang bayad upang magtrabaho sa turnuhan.



Pahintulot at Karagdagang Bayad para sa Huling-Minuto na mga Pagbabago sa Iskedyul

Ang iyong employer ay hindi maaaring gumawa ng mga pagbabago sa iyong iskedyul nang mas mababa sa 14 na araw bago magkabisa ang pagbabago nang walang nakasulat na pahintulot mo at nang hindi nagbabayad ng sumusunod na mga karagdagang bayad:

Panahon ng abiso	Karagdagang oras sa trabaho o mga turnuhan	Pagbabago sa mga turnuhan pero walang pagbabago sa kabuuang oras ng trabaho	Binawasang oras ng trabaho o mga turnuhan
Mas mababa sa 14 araw na abiso	\$10 bawat pagbabago	\$10 bawat pagbabago	\$20 bawat pagbabago
Mas mababa sa 7 araw na abiso	\$15 bawat pagbabago	\$15 bawat pagbabago	\$45 bawat pagbabago
Mas mababa sa 24 oras na abiso	\$15 bawat pagbabago	\$15 bawat pagbabago	\$75 bawat pagbabago

Ang karagdagang bayad ay hindi kinakailangan kapag:

1. Ang iyong employer ay magsasara dahil sa: mga pagbabanta sa kaligtasan ng manggagawa o ari-arian ng employer; kabiguan ng pampublikong palingkurang-bayan; pagsasara ng pampublikong transportasyon; sunog, baha, o iba pang natural na sakuna; estado ng emerhensiya na idineklara ng pamahalaan.
2. Humiling ka ng pagbabago sa iskedyul sa partikular na turnuhan.
3. Makikipagpalit ka ng turnuhan sa isa pang empleyado.
4. Ang iyong employer ay dapat magbayad ng overtime para sa binagong turnuhan.

Magsampa ng reklamo

Ipinapatupad ng Tanggapan ng Patakaran at Pamantayan ng Paggawa (Office of Labor Policy & Standards, OLPS) ng Kagawaran ng Ugnayang Mamimili (Department of Consumer Affairs, DCA) ang Fair Workweek Law at ibang mga batas sa paggawa ng NYC.

Upang magsampa ng reklamo sa OLPS, pumunta sa nyc.gov/dca o tumawag sa 311 (212-NEW-YORK sa labas ng NYC) at itanong ang tungkol sa "Fair Workweek Law." Magsasagawa ang OLPS ng imbestigasyon at susubukang lutasin ang iyong reklamo. **Papanatiliing kumpidensyal ng OLPS ang iyong pagkakakilanlan maliban kung ang pagbubunyag ay kinakailangan upang makumpleto ang imbestigasyon o kung iniatas ng batas.**

Maaari ka ring magsampa ng kaso sa korte. Subalit, hindi ka maaaring magkaroon ng reklamo sa OLPS at kaso sa korte nang sabay.

Makipag-ugnayan sa OLPS

Bumisita sa nyc.gov/dca, mag-email sa FWW@dca.nyc.gov, o tumawag sa 311 at itanong ang tungkol sa "Fair Workweek Law."



Consumer Affairs

Bill de Blasio
Mayor

Lorelei Salas
Commissioner

*Dapat ding ipaskil ng iyong employer ang abisong ito sa anumang wika na pangunahing wika ng hindi bababa sa 5 porsyento ng mga manggagawa sa iyong lugar ng trabaho kung mayroon sa website ng DCA.